Isinagawa ang pulong sa conference room na tinawag ni Dizon bilang "infamous room" kung saan naroon ang lamesang pinaglatagan ng nasa P300 milyong pinaghatibatian umano ng dating DPWH district engineers na sina Henry Alcantara at Brice Hernandez.

Ayon sa kalihim, imboliko ang naturang lugar dahil dito sumabog ang napakalaking iskandalo sa flood control

projects.

Nangako rin ang kalihim ng paglalagat ng mga solusyon kasama ang mga bagong talagang opisyal ng naturang district engineering office ng DPWH sa Bulacan.

Samantala, nakatakda ring inspeksyunin ni Sec. Dizon ang mga maanomaliyang proyekto na hawak ng Bulacan 1st district engineering office.

## DepEd, tatanggap ng mahigit P1-B na pondo para sa Special Needs Education

Tatanggap ang Department of Education (DepEd) ng mahigit P1.04 billion na pondo para magamit sa Special Needs Education (SNED) program sa susunod na taon.

Ang malaking pondo ay bahagi ng pagpapalakas ng ahensiya sa naturang programa upang matutukan ang mga mag-aaral na may special needs, may disabilities, miyembro ng indigenous communities, out-of-school youth at iba pa.

Nais ng DepEd na magkaroon ng mas inklusibo at patas na oportunidad para sa mga mag-aaral na may special needs, sa pamamagitan ng sapat na pondo, akmang mga programa, at sapat na bilang ng mga guro na gagabay

sa kanila.

Para sa mga miyembro ng Indigenous Peoples Education (IPEd) program, mayroon ding P154 milyon na suporta ita sa susunod na taon. Mayroong mahigit 482,000 IPEd learners na inaasahang makikinabang dito. Aabot din sa P897 million ang pondong inilaan ng ahensiya para sa Alternative Learning System (ALS) sa 2026. Ang mas malaking pondo ay bahagi rin ng pagpokus ng ahensiya sa halos 640,000 ALS learners, at matulungan ang mga ito na maipagpatuloy ang kanilang pag-aaral. Mahalaga ang suporta sa learners with special needs, batay sa panukalang budget na inaprubahan ng Senado.



**ADVERTISE WITH US!**

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES  
 NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION  
 OFFICE OF THE CLERK OF COURT  
 REGIONAL TRIAL COURT OF MANILA  
 rtc1mnlcc@judiciary.gov.ph  
 0991-958-7864

**BDO UNIBANK, INC.,**  
 Mortgagee,

**Foreclosure No. 25-4898**

-versus-

**MARIA GERDA I. OPAGUE,**  
 Debtor/Mortgagor.

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed on November 19, 2025 by the mortgagee, **BDO UNIBANK, INC.**, with office address at 33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas, No. 12 ADB Avenue, Mandaluyong City, against the mortgagor, **MARIA GERDA I. OPAGUE**, with postal addresses at: (1) No. 17 Ninang Pilar Street, BF Homes Phase 1, Novaliches North Caloocan City, (2) Unit 14F-0004 14th Floor Vista Recto, C.M. Recto Avenue, Quiapo, Manila, to satisfy the mortgage indebtedness which, as of October 30, 2025, amounts to **PESOS: TWO MILLION NINE HUNDRED TWENTY-EIGHT THOUSAND TWO HUNDRED EIGHTY-ONE AND 34/100 (Php2,928,281.34)** pursuant to the **Uniform Loan and Mortgage Agreement (Real Estate)**, the undersigned Acting Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court, Manila, through her deputy, **Sheriff MARIUS JAY S. SANTOS**, will sell at public auction on **January 14, 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter but not later than 2:00 o'clock in the afternoon, in front of the Office of the Clerk of Court, Regional Trial Court of Manila, Room 400, 4th Floor, Manila City Hall, to the highest bidder, for cash or manager's check and in Philippine Currency, the following property/ies with all its improvements, more particularly described as follows:

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES  
 DEPARTMENT OF JUSTICE  
 LAND REGISTRATION AUTHORITY  
 QUEZON CITY  
 Registry of Deeds for City of Manila

Condominium Certificate of Title  
 No. 002-2022014116  
 (Republic Act No. 4726)

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

14TH FLOOR 14F-0004 – A STUDIO UNIT LOCATED AT THE 14TH FLOOR OF "VISTA RECTO" WITH AN AREA OF 21.13 SQUARE METERS, MORE OR LESS.

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2016001055 which embraces and describes the land located at C.M. RECTO AVE., QUIAPO, MANILA with an area of ONE THOUSAND ONE HUNDRED NINETY-THREE AND SEVENTY (1,193.70) Square Meter, is registered in the name of:

Owner: **MARIA GERDA IMPERIAL OPAGUE**, OF LEGAL AGE, SINGLE, FILIPINO  
 Address: 17 NINANG PILAR ST. BF HOMES PH 1, NOVALICHES, NORTH CALOOCAN 1422

Prospective bidders and/or buyers are enjoined to investigate, verify and conduct proper due diligence on the property/ies above described.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date due to fortuitous event or if the same be declared a non-working, or for any other lawful/valid reasons, it shall be held on **January 26, 2026** without the need of further notice, reposting and re-publication.

City of Manila, Philippines, November 25, 2025.

(SIGNED)  
**SHAIRA A. QUERUBIN**  
 Acting Clerk of Court<sup>3</sup>  
 & Ex-Officio Sheriff  
 by:

(SIGNED)  
**MARIUS JAY S. SANTOS**  
 Sheriff-in-Charge

Copy furnished:

**BDO UNIBANK, INC.**  
 33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas, No. 12 ADB Avenue, Mandaluyong City

**MARIA GERDA I. OPAGUE**  
 (1) No. 17 Ninang Pilar Street, BF Homes Phase 1, Novaliches Caloocan City.  
 (2) Unit 14F-0004 14th Floor Vista Recto, C.M. Recto Avenue, Quiapo, Manila.

**Note:** Failure to attend at the auction sale, despite proper notice, shall be construed as a waiver. Accordingly, the auction sale shall be held as scheduled.

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, destroy or deface this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale, under the penalty of law.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**  
 Dates: December 08, 15 & 22, 2025

**Manila Mayor Isko, nagbabala sa mga gagawa ng krimen sa lungsod kasabay ng papalapit na Pasko**

Nagbigay babala ang kasalukuyang alkalde ng lungsod ng Maynila na si Mayor Francisco 'Isko' Moreno Domagoso sa mga indibidwal na may masasamang balak o intensyon gumawa ng krimen sa naturang lugar.

Binalaan ng alkalde ang mga ito na sila'y ipahanap sa mga awtoridad o Pulis Maynila upang ang mga kriminal nananatili sa lungsod ay mahuli at tuluyang maipakulong.

Ayon kay Mayor Isko Moreno, seryoso ang kanilang mga pahayag sa pagharap nito at paggawa ng aksyon laban sa mga kriminal na patuloy nambibiktima lalo na habang nasa lungsod ng Maynila.

Ang kanyang pahayag ay

kasunod lamang ng kanyang iharap sa publiko ang Top 2 at Top 8 most wanted ng Manila Police District na siyang naaresto kamakailan.

Timbog kasi ang isang 45-anyos na lalaki sa Tondo, Maynila at pati 40-taong gulang suspek sa kanilang magkapareho na kasong 'murder' na kinakaharap.

Kaugnay pa rito'y iniharap din ng alkalde sa publiko ang isa pang nahuli ng Manila Police District na mandurukot.

Kumalat anila ang post online matapos makunan ng video ang suspek sa loob ng LRT o Light Rail Transit sa Maynila kung kaya't naharap ito sa kasong 'theft' o pagmanakaw.

Bunsod sa pagkakahuli


ng ilang mga kriminal kasabay ng papalapit na Pasko, babala ng alkalde na kanilang titiyakin mahuhuli ang mga ito.

"Kaya ngayon magpapasko baka maraming gustong bumalak... I've been telling everyone, basta ginawa niyo sa Maynila magtago na kayo sa lelang niyong panot," ani Manila Mayor Francisco 'Isko' Moreno Domagoso.

"Men and women uniformed personnel of the Manila Police District through the leadership of General Abad, we'll go after you. We will go after you. I don't mind waiting, but I'll make sure justice will be done," dagdag pa ni Mayor Isko Moreno. Naniniwala ang na-



turang alkalde na ang mga kapanatagan sa kanilang kataga-Maynila ay may karapatan na makapamahay ng may ligtasan



By **Bro. Ernie Acayan**

Matteo 3:2  
 "Ganito ang Kanyang sinasabi, "Magsisi kayo at talikuran ang inyong mga kasalanan sapagkat malapit nang dumating ang kaharian ng langit!"

**TUNAY NA PAGSISISI**

Sapat na ba ang paghingi ng tawad sa Dios upang sabihin tunay ang ating pagsisisi?

Gawa 26:20

"Nangaral ako, una sa Damasco, saka sa Jerusalem at sa buong lupain ng Judea, at gayundin sa mga Hentil. Inpinangaral kong dapat silang magsisi't tumalikod sa kanilang mga kasalanan, lumapit sa Diyos, at ipakita ang kanilang pagsisisi sa pamamagitan ng mga gawa."

Ano ang mga dapat nating gawin upang ipahayag na tayo'y nagsisisi.

1) May buhay-panalangin. Ang tunay na may ugnayan sa Dios ay sa pamamagitan ng isang lumalagong buhay-panalangin. Kailangan ito upang lumagong ang isang mananampalataya sa kanyang pananampalataya. Iti'y hindi isang suwestiyon kundit utos ng Dios.

1 Tesalonica 5:17

"...palagi kayong manalangin..."

Iti ay isang utos upang lumagong tayo sa pagkakakilala kay Hesus at magkaroon ng malalim na relasyon sa Kanya.

Ang panalangin ay paraan upang tayo ay makatangap sa Kanya at magawa natin ang Kanyang kalooban.

Juan 15:5

"Ako ang puno ng ubas at kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa Akin, at Ako sa kanya, ang siyang nagbubunga nang sagana, sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa Akin."

2) May bagong uri ng pamumuhay. Ang tunay na pagsisisi ay ang pagtalikod sa lumang pamumuhay at paglandas ng isang bagong buhay na kasama si Kristo.

2 Cor.5:17

"Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, iti'y napalitan na ng bago."

3) Ang taong nagsisi ay may bago ng kaisipan.

Roma.12:2

"Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos."

Ang taong may bago ng kaisipan ay ang makatatanggap ng pangunawa sa mga pahayag ng Diyos.

Efes 4:23-24

Magbago na kayo ng diwa at pag-iisip; at ang dapat ninyong isuot ay ang bagong pagkatao na nilikhang kalarawan ng Diyos, at nahahayag sa matuwid at banal na pamumuhay ayon sa katotohanan.

Gayun din naman, siya ay may kakayahang tumanggi sa alok ng laman, ng mundo at ng demonyo.

1 Juan 3:9

"Ang mga anak ng Diyos ay hindi nagpapatuloy sa pagkakasala, sapagkat nananatili sa kanila ang binihing mula sa Diyos. At dahil ang Diyos ang ama nila, hindi sila maaaring magpatuloy sa pagkakasala."

TO GOD BE THE GLORY.

## Hailee Steinfeld at Josh Allen, inaasahan ang magiging unang anak

Ang balita ay ipinaabot ni Hailee noong Sabado, Disyembre 13 (PHT), sa kanyang Beau Society newsletter. Bilang pagdiriwang ng kanyang ika-29 na kaarawan.

Pagkatapos nito, nagbahagi ang magkasintahan ng isang magaan at tender na Instagram post kung saan makikita si Josh na mahinahong hinahalikan ang tiyan ni Hailee.

"Heart," simpleng caption ni Hailee sa video.

Suot din ni Hailee ang isang komportableng sweater na may salitang

"Mother."

Ang post ay agad na pinuno ng mga mainit na reaksyon mula sa mga celebrity na kaibigan at mga tagahanga mula sa buong mundo.

"OH MY GODDDDD HAILS!!!!!!" sabi ni Millie Bobby Brown ng Stranger Things. "Wow, massive congrats you two," ani Taylor Lautner, aktor ng Twilight Saga.

"See y'all in a few years. Congrats," komento ni Stevin John, na kilala bilang ang karakter na Bhippi sa mga educational kids' show.

Ang love story nina Hailee at Josh ay unang napanin ng publiko noong hulagang bahagi ng Mayo 2023, nang makita silang magkasama sa isang date night sa New York City.

Pagkatapos nito, ginawa ni Josh na opisyal ang kanilang relasyon noong Hulyo 2024 nang magbahagi siya ng mga romantic na larawan mula sa Paris at mga sandali kasama ang kanyang pamilya. Inanunsyo nila ang kanilang engagement noong Nobyembre 2024 at ikinasal noong Mayo 31 ng taon ding iyon sa isang pribadong ceremony sa California.



Inihayag ng Filipino-American actress na si Hailee Steinfeld at ng Buffalo Bills quarterback na si Josh Allen na inaasahan nila ang kanilang unang anak.

## MU Jamaica 2025, nasa medikal na pangangalaga na matapos maaksidente sa Thailand



Nasa 24-oras na medikal na pangangalaga na si Miss Universe Jamaica 2025, Dr.

Gabrielle Henry, halos tatlong linggo matapos ang pagkahulog sa preliminary competition sa Thailand.

Ang aksidente ay nagdulot sa kanya ng intracranial hemorrhage, bali, galos sa mukha, at iba pang pinsala. Inaasahang babalik siya sa Jamaica sa kapag natapos ang kanyang karagdagang paggamot. Una nang inako ng Miss Universe Organization (MUO) ang buong responsibilidad sa insidente at sinabing sasagutin ang lahat ng gastusin sa kanyang medical treatment.

Nagsalamat si Gabrielle at ang kanyang pamilya sa MUO, mga tagasuporta, at sa international communities ng Miss Universe, habang tinayak ng organisasyon na ang beauty queen ay walang pananagutan sa aksidente.

## Katy Perry ginawa ng IG official si ex-PM Justin Trudeau

Ginawa ng Instagram official ni Katy Perry ang relasyon nila ni dating Canadian Prime Minister Justin Trudeau.

Sa kanyang social media account ay nagpost ang singer ng larawan nila habang sila ay nasa Japan.

Maraming fans ng singer ang nag-komento sa mga masasayang larawan ng dalawa.

Magugunitang walang nagkumpira sa kanilang dalawa na sila ay magkarelasyon



subalit marami ang nagsabi na nagkakamabutihan na ang dalawa dahil sa madalas silang makitang magkasama.



Dumadalo rin ang dating Prime Minister sa mga konsiyerto ng singer.

## 'One Battle After Another' nanguna sa dami ng nominasyon sa Golden Globe Awards

Nanguna sa dami ng nominasyon para sa Golden Globes awards ang "One Battle After Another" na mayroong siyam na nominasyon.

Pumangalawa naman ang Norwegian family dramedy na "Sentimental Value" na mayroong walong nominasyon.

Simundan naman ng "Sinners" na mayroong pito at ang Shakespeare family drama na "Hamnet" na mayroong anim

Habang "Wicked For Good" ay mayroong limang nominasyon na hindi nakasama sa best musical at comedy.

Gaganapin ang awarding ng Golden Globes sa Enero 11 na ilang linggo bago ang Academy Awards.

## Best seller author Sophie Kinsella pumanaw na, 55



Pumanaw na ang author na si Sophie Kinsella sa edad na 55.

Si Kinsella ay nakilala sa bestselling na Shopaholic series na mga novels.

Taong 2022 ng ma-diagnosed si Madeleine Sophie Wickham sa tunay na buhay ng isang uri ng agresibong uri ng brain cancer.

Ang kaniyang libro ay nakabenta ng mahiigt 50 milyon sa mahigit na 60 bansa kung saan ito ay isinalin sa mahigit na 40 na linguahe.

Republic of the Philippines  
REGIONAL TRIAL COURT  
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION  
City of Makati  
OFFICE OF THE CLERK OF COURT AND  
EX-OFFICIO SHERIFF  
email add: rtc1makocc@judiciary.gov.ph  
tel. no. 8870-1575/8870-2413

Foreclosure No. S-25-142

BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS  
(SUCCESSOR-IN-INTEREST OF  
BPI FAMILY SAVINGS BANK, INC.),  
Petitioner-Mortgagee,

EXTRAJUDICIAL FORECLOSURE OF  
REAL ESTATE MORTGAGE UNDER  
ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118  
R.A. 4726 (Condominium Act)

-versus-

JOSEPH CAPUCHINO CAMACHO  
A.K.A. JOSEPH C. CAMACHO  
Respondents-Mortgagors-Barrowers.  
x-----x

### NOTICE OF SHERIFF'S SALE

Upon extrajudicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by mortgagee, **BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS (SUCCESSOR-IN-INTEREST OF BPI FAMILY SAVINGS BANK, INC.)**, against mortgagor/s/, respondent/s/, debtor/s, borrower/s, **JOSEPH CAPUCHINO CAMACHO A.K.A. JOSEPH C. CAMACHO, of #608-B Centro Extn Bustillos St., Sampaloc, Manila / Unit 322 3/F Tower 2, Avida Towers Asten, Malugay and Yakal St., San Antonio, Makati City / Phase 3/F Bldg. 39-A Lot 18, Kaunlaran Village, Caloocan City** to satisfy the mortgage indebtedness which as of **OCTOBER 27, 2025** amounts to **P2,028,696.50** in/excluding, penalties, charges, attorney's fees and expenses of foreclosure, the undersigned of her duly authorized deputy will sell at public auction on **APRIL 16, 2026** at 10:00 A.M. or soon thereafter at the Main Entrance the New City Hall of Makati, to the highest bidder for cash or manager's check and in Philippine currency, the following described property/ies with all its improvements, to wit:

### CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 006-2022012257

UNIT CALLOUT 322 LOCATED ON THE 3RD FLOOR; UNIT TYPE – STUDIO WITH A UNIT AREA OF 22.40 SQM.; BALCONY AREA OF 4.80 SQM OR A TOTAL AREA OF 27.20 SQM. OF THE "AVIDA TOWERS ASTEN" (TOWER 2).

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **APRIL 30, 2026** without further notice.

Interested parties are hereby enjoined to investigate for themselves the title and condition of the said property/ies and the encumbrances thereon.

City of Makati, **December 19, 2025.**

(SIGNED)  
RITCHIE D. EMPEO  
Sheriff IV

(SIGNED)  
ATTY. FRANCES JULIENE MARIE A. BUENDIA  
Officer-In-Charge  
per Office Order dated August 22, 2025

Copy furnished:

**Joseph C. Camacho** - #608-B Centro Extn Bustillos St., Sampaloc, Manila / Unit 322 3/F Tower 2, Avida Towers Asten, Malugay and Yakal St., San Antonio, Makati City / Phase 3/F Bldg. 39-A Lot 18, Kaunlaran Village, Caloocan City

**Atty. Anna Bettina H. Andaya** – 27/F BPI Buendia Center Bldg. 372 Sen. Gil Puyat Ave., Brgy. Bel Air, Makati City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing  
Dates: December 22, 29, 2025 & January 05, 2025**



**"LEMME TEASE BOTIQUE RTW TARLAC"**

**Taytay RTW Base**

**Purok Saranay Sitio Banga-banga Villa Aglipay  
San Jose, Tarlac, Philippines  
Contact No.# 09460277182**

Publication: PVN Point Viewer Publishing  
Dates: December 22 - 28, 2025



**Krusty Waffle**  
Gaufre de Liège, Milktea, Fruitea and more.

**#308 Barangka Drive in front of Bonifacio  
Javier National High School, Mandaluyong City  
Contact : Juliana Diesta # 09052264801  
krusty.ebox@gmail.com**

Publication: PVN Point Viewer Publishing  
Dates: December 22 - 28, 2025



**FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel  
Contact No. 09665262989**

Publication: PVN Point Viewer Publishing  
Dates: December 22 - 28, 2025

**Thailand, patuloy sa pagbomba sa Cambodia ilang oras matapos ianunsiyo ni Trump na nagkasundo ang 2 sa ceasefire – defense ministry**

Inakusahan ng Cambodia ang Thailand na patuloy sa pagpapabagsak ng bomba sa kanilang teritoryo ilang oras matapos ianunsiyo ni US President Donald Trump na nagkasundo ang dalawa sa ceasefire o pagtigil ng labanan.

Sa isang post sa X, sinabi ng Cambodian defense ministry na gumamit ang Thai military ngayong araw, Disyembre 13 ng dalawang F-16 fighter jets para magbagsak ng pitong bomba sa kanilang

targets at hindi tumitigil sa pambomba ang Thai military aircraft.

Ito ay sa kabila pa ng nauna ng anunsiyo ni Trump nitong Biyernes na nagkasundo na ang Thailand at Cambodia na bumalik sa orihinal na Peace deal at itigil ang labanan sa kanilang borders, na kumitil na ng nasa 20 katao ngayong linggo lamang.

Sa isang post din ngayong Sabado online (FB), iginiiit ni Cambodian Prime Minister Hun Manet na laging

tumatalima ang kanilang bansa sa mapayapang paraan para maresolba ang salungatan.

Inirekomenda pa aniya sa Amerika at Malaysia, bilang chair ng ASEAN, na gamitin ang kanilang information gathering capabilities para beripikahin kung sino ang unang umatake noong Disyembre 7.

Matatandaan, muling sumiklab ang labanan sa pagitan ng dalawang Southeast Asian countries ngayong Disyembre dahil sa pagpapasabog umano ng Cambodia ng landmine sa border ng Thailand na ikinasawi ng isa nilang sundalo at ikinasugat ng 7 iba pa, bagay na itinanggi naman ng pagbigay ng Cambodia.

**14 nasawi sa malawakang pagbaha sa Gaza**

Aabot na sa 14 na katao ang nasawi sa pananalasa ng bagyong Byron sa Gaza sa loob ng 24 na oras.

Kabilang sanasawi ang tatlong bata kung saan dahil sa hypothermia o labis na kalamigan. Dahil sa nasabing bagyo ay pansamantalang pinalikas ang mga naninirahan sa mga tents at shelters dahil sa pagtaas ng tubig baha. Tinatayang mayroong 13

kabahayan at gusali ang gumuho at 27,000 na mga tents ang nabaha.

Ayon sa United Nation International Organization for Migrations na pnangangambahang maapektuhan ang nasa halos 800,000 na mga naninirahan sa Gaza.

Nanawagan ang ahensiya sa ibang mga bansa ng agarang tulong dahil sa nasabing pagbaha.



**US Special envoy Witkoff, makikipagkita kay Zelensky para sa panibagong Ukraine war talks**

Nakatakdang bumiyaha sa Germany si US Special Envoy to the Middle East Steve Witkoff para makipagkita kay Ukrainian President Volodymyr Zelensky at European leaders ngayong weekend. Ito ay para sa panibagong round ng high-level talks para mawaksan na ang giyera sa Ukraine.

Si Witkoff ang nangunguna sa negotiators ng Amerika para mamagitan sa Ukraine at Russia. Inaasahang tatalakayin ni Witkoff ang pinakabagong bersiyon ng panukalang peace agreement sa Berlin.

Isinusulong kasi ng Trump administration na magkaroon na ng kasunduan pagsapit ng Pasko. Hindi naman kumpirmado pa kung sinu-sinong European leaders ang dadalo sa naturang pulong. Ang kumpirmasyon ng pulong sa pagitan nina Zelensky at Witkoff ay ilang araw matapos ibigay ng Ukraine sa US ang revised version nito sa 20-point peace plan.

**MONDAY ENTERTAINMENT**

**WORD HUNT**

**ORANGE IS THE NEW BLACK**



- FEDERAL
- PRISON
- LITCHFIELD
- DRUG SMUGGLING
- JENJI
- HAN
- PIPER
- ALEX
- LARRY
- S A M
- HEALEY
- RED
- NICKEY
- CRAZY EYES
- TAVSTEE
- POUSSEY
- DIAS
- GLORIA
- LORNA
- ORANGE
- BLACK
- NORMA
- BIG BOO

D	I	A	S	F	U	E	D	H	O	B	N
E	D	C	A	E	K	N	L	D	F	K	A
G	R	E	O	D	C	O	E	R	S	E	H
L	N	A	R	E	A	S	I	U	E	R	O
O	I	F	A	R	L	A	F	G	Y	E	K
R	C	P	N	A	B	M	H	S	E	P	I
I	K	O	G	L	T	H	C	M	Y	I	J
A	Y	U	E	P	A	E	T	U	Z	P	N
A	G	S	I	R	Y	A	I	G	A	L	E
L	L	S	S	I	S	L	L	G	R	A	J
O	H	E	C	S	T	Y	J	L	C	R	A
R	L	Y	X	I	E	L	O	I	R	R	B
N	E	Y	D	O	E	I	N	N	R	Y	G
A	M	R	O	N	O	O	B	G	I	B	A



# John Cena, opisyal nang nagretiro sa WWE, tinalo ni Gunther sa huling laban

Nagtapos na ang 24-taong karera ni John Cena sa WWE matapos siyang matalo ni Gunther sa kanyang huling laban sa Saturday Night's Main Event sa Capital One Arena noong Sabado (oras sa Amerika).

Ang 17-time world champion ay nagtapos ng kanyang wrestling journey sa pamamagitan ng isang submission loss sa kamay ni Gunther.

Sa naging laban, ipinakita ni John Cena ang kanyang mga signature moves, ngunit nakuha ni Gunther ang tagumpay matapos isagawa ang isang sleeper hold na nagpilit kay John na mag-tap out. Ang tagumpay ni Gunther ay itinuturing na malaking hakbang sa kanyang karera.

Nagbigay ng mga tribute si John mula sa mga fan at kasamahan sa

WWE. Kung saan present ang mga WWE legends tulad nina Shawn Michaels, Triple H, Rey Mysterio, at AJ Styles sa ringside upang magbigay galang kay Cena.

Sa gitna ng chants ng mga fans na "Thank you Cena," inalís ni Cena ang kanyang mga sapatos, wristbands, at ang kilalang "Never Give Up" armband bilang simbolo ng pagtatapos ng

kanyang karera.

Inihayag ng WWE ang pasalamat sa pamamagitan ng isang post na nagsasabing: "One final goodbye. Thank YOU, @JohnCena."

Matatandaan na si John Cena ay nagwagi sa kanyang huling taon sa WWE, kasama na ang pagtatagumpay sa WrestleMania para sa kanyang ika-17 na world title.

## Alex Eala, maglalaro sa quarterfinals ng SEA Games women's singles at mixed doubles

Magkakaroon ng dalawang crucial na laban si Alex Eala sa 33rd Southeast Asian Games sa Lunes, Disyembre 15, 2025.

Una makakalaban niya si Shihomi Leong ng Malaysia sa women's singles quarterfinals.

Pagkatapos nito, maki-pagtulungan siya kay Niño Alcantara sa mixed doubles, kung saan may bye sila sa

Round of 16.

Kung magwawagi si Eala sa parehong laban, tiyak na makakamit niya ang hindi bababa sa isang bronze medal.

Ayon kay women's team head coach Denise Dy, handa at motivated si Eala sa mga hamon ng SEA Games, matapos ang isang matagumpay na mga ensayo.

## Pagdalaw ni Messi sa India, nagdulot ng gulo sa Kolkata

Nagdulot ng kaguluhan ang pagdalaw ni Lionel Messi



sa Salt Lake Stadium noong Sabado matapos magalit ang mga tagahanga na hindi nasiyahan sa kanyang maikling pagpapakita.

Libu-libong tagahanga ng sikat na football star, na nagbayad ng hanggang 12,000 rupees (tinatayang \$133), ay dumating upang makita siya ng personal, ngunit nagalit nang makita nilang naglakad lamang si Messi sa paligid ng pitch, at natakpan pa siya ng maraming opisyal at celebrity.

Matapos ang 20 minuto paglabas ni Messi, agad siyang kinuha ng security,

## Lakers, talo sa Spurs, 132-119

Dinomina ng San Antonio Spurs ang laban kontra Los Angeles Lakers ngayong araw Huwebes, December 11, 132-119.

Hindi nakapalag ang Lakers mula simula hanggang matapos ang laban matapos mapanatili ng Spurs ang 50% overall shooting kung saan naipasok ng Spurs ang 43 shots mula sa 86 na pinakawalan nito.

Sa dominanteng performance ng Lakers, nahawakan nito ang lead sa bawat pag-

tatapos ng quarter hanggang sa pumasok ang 4th quarter kung saan piniit nitong burahin ang double digit deficit ngunit hindi pa rin naging sapat.

Sa kabila ng hindi paglalaro ni Spurs bigman Victor Wembanyama, ipinoste ng koponan ang impresyong depensa sa kabuuan ng laban, kung saan kumamada ito ng 50 rebounds at siyam na steal sa kabuuan ng laban.

Nanguna sa paalo ng koponan ang bagitong guard na

Hindi muna makapaglaro ng 2 hanggang 4 na linggo ang Cleveland Cavaliers All-Star center at reigning NBA Defensive Player of the Year na si Evan Mobley matapos na makaranas ng left calf strain sa laro kontra

Washington Wizard. Tumala pa ng 23 points, 13 rebounds at nagkamada oras, at iniiwasan na magbigay ng karagdagan pahayag ukol sa organisasyon ng event.



## Table tennis Manginsay PH flag-bearer at Asian Youth Para Games

Si Mobley ay napiling 3rd pick ng Cavs noong 2021 NBA Draft, sa kasalukuyan ay pinangungunahan niya ang kanyang koponan sa rebounds sa records na 9.3 rebounds per game, habang nakakapagtala naman ito ng 1.6 blocks per game at nag aambag naman sa kanyang koponan ng 19.1 points per game.

Sa ngayon ay nasa ika-7 pwesto ang Cleveland sa Eastern Conference na may standing na 15-11



## Bulls, itinumba ng Pelicans

Itinumba ng kulelat na New Orleans Pelicans ang Chicago Bulls, 114-104.

Pinangunahan ni Pelicans forward Trey Murphy III ang kaniyang koponan upang ibulsa ang ika-limang panalo ngayong season sa loob ng 27 games na pinagdaanan na ng koponan.

Gumawa ng 20 points at 10 rebounds si Murphy, sa tulong ng walong field goals na naipasok sa loob ng 34 minutes.

Naglalaro naman sa bench ang dating number 1 overall pick na si Zion Williamson at gumawa siya ng 18 points sa loob lamang ng 27 mins. na kaniyang paglalaro.

Gumawa ang Pelicans ng 4th-quarter scoring run at nai-

al in the 8th Philippine National Para Games, while adding two silver medals.

"This is not just an honor, but a responsibility because as a flag-bearer, I am also carrying the hopes and stories of every Filipino para athlete, especially the youth who dream of being in this position someday," Manginsay said in a news release Monday.

Manginsay is one of four para table tennis betes in the 48-player PH delegation, which will compete in nine of 11 sports.

Some 1,500 para athletes from 35 Asian countries are competing in the fifth edition, with the Filipinos hoping to surpass their previous haul of one gold, six silver and two bronze medals in 2021 Bahrain. (PSC Media)




pasok ang kabuang 38 points sa loob ng 12 mins. kumpara sa 29 lamang ng Bulls.

Sa pagkatalo ng Bulls, nalimitahan lamang sa 12 points ang sentrong si Nikola Vucevic, kasama ang walong rebounds.

Hindi naging balakid para sa New Orleans ang walong 3-pointers sa kabuuan

ng laban at sa halip ay nagpokus ang koponan sa paint area. Dito ay kumamada ito ng 60 points habang tanging 46 points lamang ang naging kasagutan ng Chicago.

Ilang pagkakataon ding nahawakan ng Bulls ang lead ngunit kinalaunan ay hindi kinaya ang 4th quarter offense ng kulelat na Pelicans.



NO. VIII ISSUE NO. 21 DECEMBER 22 - 28, 2025 ₱ 15.00